

Madaling gamitin

Ang Alituntunin ngayon ay may 10 malilinaw na seksyon:

1. Paano umiiral ang Alituntunin
2. Ang iyong kaugnayan sa bangko
3. Pagbubukas ng account at paggamit na aming mga serbisyo sa pagbabangko
4. Inklusibo at maa-access na pagbabangko
5. Kapag nag-aaplay ka ng pautang
6. Pagpapahiram sa maliliit na negosyo
7. Paggagarantiya ng pautang
8. Pamamahala ng iyong account
9. Kapag may naging mali
10. Paglutas ng iyong reklamo

Pagbabago sa pagbabangko

Bukod sa bagong Alituntunin ng Pagbabangko, gumagawa rin ng ilang mga pagbabago ang mga bangko sa Australya upang mapagbuti ang serbisyo sa kostumer at makuhang muli ang kanilang pagtitiwala, kabilang ang:

- Hindi na pagbabayad ng mga komisyon sa pagbenta ng produkto sa mga nagbebentang kawani ng bangko
- Masisipag na mga Tagapagtaguyod ng Kostumer sa mga bangko upang mapagbuti ang mga kalagayan ng kostumer kung magkaproblema
- Mas mabuting proteksyon at suporta para sa mga tagasumbong (whistleblower), at
- Mas mahusay na pagkilos at pangangasiwa ng mga mortgage broker.



Ang Bagong Alituntunin ng Pagbabangko

Magsisimula sa 1 Hulyo 2019

Samahan ng Pagbabangko ng Australya

P PO Box H218
Australia Square NSW 1215

T 02 8298 0417

E reception@ausbanking.org.au

W www.ausbanking.org.au



Australian Banking Association

Ano ang bagong Alituntunin sa Pagbabangko?

Ang bagong Alituntunin sa Pagbabangko ay isang hanay ng maipapatupad na mga pamantayan na maaasahan mula sa mga bangko sa Australya ng **mga kostumer, maliliit na negosyo**, at kanilang **mga tagapanagot (guarantors)**.

Lubusang binago ng mga bangko ng Australya ang kanilang Alituntunin upang mas matugunan ang mga inaasahan ng komunidad.

Ang bagong Alituntunin ang pinakamalakas sa ngayon. Malinaw, mas madaling maintindihan, at may mas malaking proteksyon para sa lahat ng kostumer ng bangko:

Mga Kostumer

- Isang simpleng-Ingles, magiliw sa kostumer na Alituntunin na tutulong sa mga kostumer upang maunawaan ang kanilang mga karapatan at mga obligasyon.
- Ang mga kostumer ay maaaring bigyan ng mga listahan ng mga direct debit at mga paulit-ulit na kabayaran (recurring payments), na ginagawang mas madali ang paglipat sa mga bangko.
- Ang abiso ng mga bayad sa transaksyon ay ibibigay bago mangyari ang mga ito.
- Magiging mas maingat ang mga bangko sa pagbibigay ng mga serbisyong pagbabangko sa mga kostumer na dumaranas ng kahinaan.
- Mas mahusay na mga proteksyon para sa mga taga-garantiya upang masiguro na nauunawaan nila ang kanilang mga obligasyon, kabilang na ang cooling-off period.
- Ang mga taga-garantiya ay aabisuhan tungkol sa mga pagbabago sa kalagayan ng umuutang kabilang na kung dumaranas siya ng kahirapan sa pera.



Mga account na basic, mababa o walang bayad

Ang mga bangko ay nag-aalok sa mga kostumer ng hanay ng mga produkto sa pagbabangko sa abot-kayang halaga:

- Kabilang sa mga ito ang mga account sa bangko na basic, mababa o walang bayad.
- Maaaring ikaw ay karapat-dapat – magtanong sa iyong bangko ngayon.



Mas Malakas na Pagpapatupad at Pagtupad

Ang bagong Alituntunin sa Pagbabangko ang kauna-unahang pamantayan sa industriya na inaprobahan ng ASIC:

- Ilimbestigahan ng independiyenteng Komite sa Pagtupad ng Alituntunin sa Pagbabangko (*Banking Code Compliance Committee - BCCC*) ang mga pinaghihinalaang paglabag sa Alituntunin.
- Maaaring pormal na balaan ng BCCC ang isang bangko, utusan itong aayusin o gumawa ng pagtatama para sa mga malubhang paglabag, utusan ang bangko na magsanay ng mga kawani, at mag-ulat ng mga malubha, systemic at patuloy na mga isyu sa ASIC.
- Ang Alituntunin ay paiiralin para sa mga suskritors (subscribers) at ginagamit ng Awtoridad sa mga Reklamong Pananalapi sa Australya (*Australian Financial Complaints Authority*) bilang pamantayan ng industriya ng pagbabangko.



Mga Credit Card

Ang bagong Alituntunin sa Pagbabangko ay gagawing mas madali ang pamamahala ng iyong mga credit card:

- Paaalalahanan ng mga bangko ang mga kostumer kung ang panimulang alok sa credit card ay malapit nang matapos.
- Wala nang mga di hinihinging mga alok na taasan ang mga credit limit.
- Maaaring bawasan ng mga kostumer ang kanilang mga credit limit o isara ang kanilang mga card account sa online.



Maliliit na Negosyo

Ang bagong Alituntunin sa Pagbabangko ay tumutulong upang gawing mas magaan ang pagbabangko ng maliliit na negosyo:

- Ginawang simpleng mga kontrata sa pautang na mas kaunti ang mga kondisyon para sa kabuuang pautang na mas mababa sa \$3 milyon.
- Magbigay ng mas mahabang panahon ng abiso kapag nagbago ang mga kondisyon sa pautang.
- Pinahusay na komunikasyon at mas walang itinatago (transparency) kapag gumagamit ng mga valuer (tagapagbigay-halaga) at mga insolvency practitioner.